<table>
<tr><td colspan="2">Kagawaran ng Hustisya ng California<br>DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD<br>NG BATAS<br>John D. Marsh, Hepe</td><td colspan="2">INFORMATION BULLETIN</td></tr>
<tr><td colspan="2" rowspan="2">Paksa:<br>Babala Tungkol sa mga Banta Laban sa mga Arab at Muslim na Komunidad at Pagiging Available ng mga Mapagkukunan ng Department of Justice para Labanan ang mga Hate Crime</td><td>No.<br>2023-DLE-10</td><td rowspan="2">Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan:<br>Michael Newman<br>Senior Assistant Attorney General<br>Seksyon ng Pagpapatupad ng mga Karapatang Sibil<br>(213) 269-6280</td></tr>
<tr><td>Petsa:<br>10/20/2023</td></tr>
</table>

**PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA**

Inihahatid ng Department of Justice ng California, na binigyang impormasyon ng pampublikong pag-uulat at iba pang impormasyon, ang bulletin ng impormasyon na ito upang bigyan ng babala ang lokal na tagapagpatupad ng batas sa buong California tungkol sa posibleng karahasan laban sa mga lugar ng pagsamba ng mga Muslim, Islamic na mga paaralan, at sentro ng komunidad ng Arab, museo, monumento, negosyo, at iba pang lugar ng pagtitipon. Dapat tiyakin ng lokal na tagapagpatupad ng batas na handa silang tugunan ang anumang ganitong karahasan bilang tugon sa tumaas na banta sa mga Arab at Muslim na komunidad sa California at sa buong bansa at mundo.

Pinapaalalahanan din ng Department of Justice ang lokal na tagapagpatupad ng batas na nakahanda itong ibigay ang mga mapagkukunan ng Department of Justice alinsunod sa ating Protokol ng Mabilis na Pagtugon sa Hate Crime. Sa ilalim ng Protokol na ito, maaaring palakasin ng Department of Justice ang mga mapagkukunan ng lokal na tagapagpatupad ng batas sa pagtugon sa isang kaganapan na dahilan ng gulo sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga ahensya ng access sa buong mapagkukunan nito, kabilang ang pagpapatupad ng batas, forensics, legal, at suporta sa pakikipag-ugnayan sa komunidad. Kasama sa isang kaganapan na dahilan ng gulo ang alinman sa mga sumusunod na insidente:

1. Mga hate crime na nagreresulta sa kamatayan, lalo na sa mga hurisdiksyon na may mas kaunting magagamit na mapagkukunan upang tugunan ang pagsisiyasat at pag-uusig ng isang homicide o hate crime;
2. Mga panununog na nagreresulta sa malaking pinsala;
3. Paggamit ng mga pampasabog; at/o
4. Isang insidente na marami ang nasawi.

Hindi pinapalitan ng Protokol na ito ang nagpapatuloy at aktibong pakikipagsosyo ng Department sa mga lokal at pederal na awtoridad na tagapagpatupad ng batas kaugnay na imbestigasyon at pag-uusig ng mga krimen, ito man ay mga hate crime o iba pang anyo ng krimen o serbisyo ng biktima. Bukod pa rito, nananatiling handa at available ang Department of Justice na tumulong sa mga pangyayari na hindi maituturing na “kaganapan na dahilan ng gulo.”

Para sa mga tanong tungkol sa Information Bulletin na ito, makipag-ugnayan kay Senior Assistant Attorney General Michael Newman sa Seksyon ng Pagpapatupad ng mga Karapatang Sibil ng Department sa (213) 269-6280.